Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
KAGAWARAN NG EDUKASYON AT KULTURA
(DEPARTMENT OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

July 22, 1977

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 152, s. 1977

PAGDIRIWANG SA LINGGO NG PILIPINO SA TAON 1977

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Pinuno ng mga Lingkuran
at mga Puno ng mga Yunit
Tagapag-ugnay ng mga Kolehiyo
at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ipagdiriwang ang Linggo ng Pilipino sa taong 1977 mula sa ika-13 hanggang ika-19 ng Agosto. Ang diwa ng pagdiriwang sa taong ito ay "Sandiwa sa Wika." Pinagbaha-bahagi ang araw-araw na gawain sa buong linggo ayon sa sumusunod:

Agosto 13 - Wikang Pilipino, Sagisag ng Bansang Pagkakakilanlan

Agosto 14 - Wikang Pilipino, Diwa sa Tahanan

Agosto 15 - Wikang Pilipino, Diwa sa Paaralan

Agosto 16 - Wikang Pilipino, Diwa sa Pamayanan

Agosto 17 - Wikang Pilipino, Diwa sa Pag-uugnayan ng mga Mamamayan sa Bansa

Agosto 18 - Wikang Pilipino, Diwa sa Kaunlarang Panlipunan at Pangkabuhayan

Agosto 19 - Sandiwa sa Wika

2. Kalakip ng Memorandum Pangkagawaran na ito ang mga mungkahing pang-araw-araw na gawain. Dapat isagawa sa Pilipino ang pagtalakay sa mga paksa upang matanim sa isip at damdamin ng mag-aaral ang kahalagahan ng paggamit ng sariling wika at pagkakaroon ng isang diwa sa wika sa pag-uugnayan ng mga mamamayan at sa kaunlaran ng bansa.

3. Pagsikapang maisama ang mga mamamayan at mga kaugnay na kilusang pangwika sa pagdiriwang na gagawin. Ang pagtulong at pakikiisa nila'y lubhang kailangan upang maisakatuparan ang mga layunin ng pagdiriwang.

4. Mangyari lamang na isama sa taunang ulat ng mga tagapamanihala ng mga paaralan ang lahat ng gawain at iba pang kilusan sa pagdiriwang na isasagawa sa Linggo ng Pilipino.

(SGD.) JUAN L. MANUEL
Kalihim ng Edukasyon at Kultura

Kalakip:
Gaya ng isinasaad

Sanggunian:

Memorandum Pangkagawaran Blg. 182, s. 1976.

Pamamahagi: 1-2-3-4--(D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga pakasang sumusunod:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
REPORTS
SCHOOLS

(Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 152, s. 1977)

MGA PAKSA SA SANLINGGONG PAGDIRIWANG

PAKSA - Sandiwa sa Wika

Agosto 13, Sabado - Wikang Pilipino, Sagisag ng Bansang Pagkakakilanlan

1. Pagdaraos ng palatuntunang pampaaralan bilang simula ng pagdiriwang ng Linggo ng Pilipino.

2. Pagpapalitang-kuro o pagtatalakayan kung paano lalo pang napalilinang ang Wikang Pilipino at napayayaman ito bilang isa sa mga sagisag na pagkakakilanlan ng ating bansa.

Agosto 14, Linggo - Wikang Pilipino, Diwa sa Tahanan

Pag-aanyaya sa mga magulang at sa mga kabataang barangay sa gawaing may kaugnayan sa paggamit ng Pilipino sa tahanan.

Agosto 15, Lunes - Wikang Pilipino, Diwa sa Paaralan

1. Paggamit ng Pilipino sa loob at labas ng paaralan.

2. Pagtalakay sa mga gawain ng mga samahang pangwika sa paaralan.

Agosto 16, Martes - Wikang Pilipino, Diwa sa Pamayanan

1. Paggamit ng Pilipino sa mga gawain sa pamayanan:

   Pag-uusap at talakayan sa sambahan, parke, o liwasan, palengke, pamahalaang bayan o munisipyo.

2. Pagdaraos ng mga paligsahan sa tula, talumpati, awit, balagtasan, at dula-dulaan.

3. Pagtatanghal ng mga poster, lathalain at iba pang naglalarawan ng kalagayan ng Pilipino sa sambayanan.

Agosto 17, Miyerkules – Wikang Pilipino, Diwa sa Pag-uugnayan ng mga Mamamayan sa Bansa

1. Paggamit ng Pilipino sa pag-uusap at pagtatalakayan sa miting o pagpupulong tungkol sa proyektong nangangailangan ng pagtutulungan.

2. Paggamit ng Pilipino sa pagpapahayag ng mga balak, gawain, layunin ng bawat pamayanan/lalawigan na magbubunsod ng pag-uugnayan ng bawat mamamayan.

3. Pakikinig ng mga palatuntunang panradyo at/o panonood ng telebisyon ukol sa Linggo ng Wika.

4. Pakikinig sa mga ulat, talumpati, at talakayan tungkol sa kasalukuyang katayuan ng Pilipino sa bansa.

Agosto 18, Huwebes – Wikang Pilipino, Diwa sa Maunlarang Panlipunan at Pangkabuhayan

1. Pag-uugnay ng Wikang Pilipino sa mga paksang-diwa sa mga asignaturang tulad ng Araling Panlipunan, Pagbasa, Wastong Pag-uugali, at iba pa.

2. Pag-iibayo ng kampanya para sa pagpapasagana ng pagkain sa pamamagitan ng Wikang Pilipino.

3. Pagtalakay sa Maunlarang pangkabuhayan ng bansa sa tulong ng mga mamamayan.

4. Pagtalakay sa maunlarang panlipunan ng mga mamamayan at ng mamamayan ng ibang bansa.

Agosto 19, Biyernes – Sandiwa sa Wika

1. Pagtalakay sa talambuhay ng mga bayani ng lahi na tumulong sa paghubog at paglinang ng wikang pambansa.

2. Pagtalakay ng iba't ibang bagay na may kaugnayan sa paksang diwa.

3. Pagtatanghal ng pangwakas na palatuntunang pampaaralan at pambayan na nagpapatingkad sa sandiwang "Ako'y Pilipino, Makabayan at Makatao."